

Sosyal, Kultural at Ekonomikal na Kalagayan ng mga Kababaihan na Inilalarawan sa mga Piling Maikling Kuwentong Ilokano

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 58-65
March 2021

Maria Eliza S. Lopez

College of Teacher Education, Mariano Marcos State University,
Philippines
Imeliza62@yahoo.com

Date Received: October 20, 2020; Date Revised: January 14, 2021

Abstract – *This study aimed to analyze the condition of women in terms of the oppressions they experience along with social, cultural, and economic aspects. The analysis focused on the conditions of women concerning their roles at home, the kind of work they have, and the nature of society where they belong. The descriptive method of research was used in analyzing thirty (30) Ilokano short stories published in Bannawag (an Ilokano magazine). Contemporary women who experience oppression were interviewed and observed to validate the findings of the study. The snowball technique identified women who experienced abuse and oppression. These contemporary women were interviewed and observed. They pointed out that social, cultural, and economic conditions caused the abuse and oppressive act they experienced. Such oppressive experiences affected their emotional state. The social conditions are due to their biological characteristics, psychological, and emotional state, as well as verbal and physical abuse. Cultural conditions include traditions and customs that are hard to neglect. These affect the way they behave and deal with situations in their lives. Economic conditions include discrimination in the workplace. The results of the study suggested that similar studies may focus on the different literary genres from the various regions of the country in order to identify the depth of oppression women experience, which may serve as a basis for better implementation of laws that protect the rights of women. There is also a need for more programs on women's welfare and relevant laws to safeguard women.*

Keywords – *cultural, economic, feminism, Ilokano short stories, oppression, social*

Abstrak - *Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang kalagayan ng mga kababaihan sa aspektong sosyal, kultural at ekonomikal bilang ugat ng opresyong nararanasan nila. Ang pagsusuri ay nakatuon sa kalagayan ng mga kababaihan bilang maybahay at ina, ang uri ng kanilang hanapbuhay at ang uri ng lipunang kinabibilangan. Ginamit ang pamamaraang deskriptib sa pagsusuri sa tatlumpung (30) maikling kuwentong Ilokano na nailathala sa Bannawag (magasin ng mga Ilokano). Isinagawa ang pakikipanayam at obserbasyon sa mga kontemporaryong kababaihan na nakaranas ng mga opresyon upang mapagtibay ang mga lumabas sa pagsusuri hinggil sa kanilang kalagayan. Ginamit ang snowball technique sa pagkilala sa mga babaeng nakaranas ng opresyon. Ang mga naranasang opresyon ay nag-ugat sa sosyal, kultural at ekonomikal na nakakaapekto sa pisikal at emosyonal nilang kalagayan. Ang kalagayang sosyal ay nag-ugat sa bayolohikal na katangian, sikolohikal, emosyonal at ang mga pang-aabusong berbal at pisikal. Ang kalagayang kultural ay kaugnay ng mga tradisyon at kaugaliang kinamulatan na mahirap maihiwalay sa kanilang buhay na nakakaapekto sa malaya nilang pagkilos sa lipunan. Habang ang ekonomikal nilang kalagayan ay dulot ng diskriminasyon sa uri ng kanilang hanapbuhay. Sa lumabas na resulta, inirerekomeda na higit pang dagdagan ang pagsasagawa ng kahalintulad nitong pag-aaral mula sa iba't ibang rehiyon sa bansa upang matiyak ang lawak ng mga opresyong nararanasan ng mga kababaihan bilang basehan sa mas mahigpit na pagpapatupad ng mga batas na magprotekt sa kanilang karapatan. Maglaan ng mas maraming programang pangkababaihan at magpasa ng mga karagandang batas na magpapaigting pa ng proteksiyon sa mga kababaihan.*

Mga Susing Salita – *ekonomikal, feminismo, kultural, maikling kuwentong Ilokano, opresyon, sosyal*

INTRODUKSIYON

Karaniwan nang inilalarawan sa mga akdang pampanitikan ang babaeng Filipino bilang mas mahinang kasarian, tagasilbi sa kaniyang asawa at mga anak, inspirasyon ng mga kalalakhian, isang kerida, isang asawang mabunganga, martir na asawa, iyakin, walang katuwiran, pambahay, laging umiiral ang puso at banal na nilalang. Ang ganitong pagtingin sa kababaihan ay isa lamang pagpapatunay na ang babae at lalaki ay sadyang magkaiba, na ang babae ay lagi na lamang nadodominahan ng lalaki.

Sa lumang Tipan ng Bibliya, ipinakilala ang superyoridad ng lalaki sa babae sapagkat ang babae ay hinugot lamang siya sa tadyang ng lalaki [1]. Lalo pang pinatingkad ang negatibong imahen ng babae nang ipinakitang si Eba ang naging dahilan ng pagkakasala ni Adan nang ipinakain niya sa kaniyang asawa ang bunga ng punong ipinagbawal ng Diyos na kanilang kainin. Dahil sa pagsuway ni Eba sa utos ng Diyos, siya ay Kaniyang isinumpa na daranas ng hirap sa kaniyang panganganak at habambuhay na nakatali sa pagsunod sa kaniyang asawa [2].

Hanggang sa kasalukuyang panahon ay patuloy na binibigyang-diin ang degradasyon ng mga kababaihan. Karaniwang tampok na tauhan sa mga kontemporaryong pelikulang Filipino ang mga babae na maaaring inilarawan bilang martir, kerida, mamamatay-tao, martir na asawa, biktima ng panggagahasa o pang-aabusong seksuwal [3].

Maging ang mga pang-araw-araw na pahayagan ay naglalaman din ng mga balita tungkol sa negatibong karanasan ng mga kababaihan. Isang asawang babae na pumatay sa babae ng kaniyang asawa. Isang dalagang ginahasa ng mga adik sa droga. Isang batang babae na inabuso ng kaniyang sariling ama. Isang empleyada na inabuso ng kaniyang amo. Ang mga ito ay balitang tunay na naglalarawan ng pagiging mahina ng isang babae kung ihahambing sa kasalungat niyang kasarian. Ang kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan ay malaking suliranin na hindi dapat ipagwalang-bahala ng sinuman. Dahil dito, umusbong ang diwang feminismo na nagsilbing daan upang ang maling paniniwala hinggil sa mga kababaihan ay mabago. Ayon kay Ware:

The human dignity of a woman believe that woman will do most to create a new image of woman by acting now, and by spreading out in behalf of their own equality, freedom, and human dignity – not in please for special privilege, nor in enmity toward men, who are

also victims of the current half-equality between the sexes – but in active, self-respecting partnership with men. By so doing women will develop confidence in their own ability, in partnership with men, the conditions of their life, their choices, their future and their society [4].

Sa paglitaw ng diwang feminismo, unti-unti ring lumabas ang mga manunulat na pilit na binabago ang negatibong karanasan at kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan. Pilit nilang pinasisigla ang kalagayang pangkababaihan sa kanilang mga akda. Sinisikap nilang ilarawan ang ebolusyon ng isang kababaihang Filipino mula sa imaheng Maria Clara at Sisa ni Dr. Jose Rizal noong panahon ng mga Kastila patungo sa mga kababaihang nakikisangkot sa mga rali at demonstrasyon sa mga kalsada na humihingi ng mga pagbabagong panlipunan sa kasalukuyang panahon [5]. Pinipilit nilang ipaabot na ang mga kababaihan ay may mahalaga ring tungkulin sa paghubog ng lipunan at sa pagpepreserba ng mga pagpapahalagang panlipunan.

Isa sa mga pagbabagong naganap sa kalagayan ng mga kababaihan ay ang kanilang pagpasok sa mga trabahong may pasahod. Sa ngayon, halos lahat ng mga sektor ng ekonomiya ay “sinalakay” na ng mga kababaihan at sila’y nakikipagpaligsahan na sa mga kalalakhian. Sa Asya, malaki ang naging kontribusyon ng mga kababaihan sa proseso ng industriyalisasyon [6]. Maging sa Malaysia at Korea ay namamayagpag ang mga kababaihan sa pag-angat ng ekonomiya.

Gayunpaman, nabanggit ni Aziz [7] na bagama’t naging aktibo na ang mga kababaihan sa pakikisangkot sa pormal na sektor ng bansang Malaysia, maraming isyu at suliranin naman silang kinakaharap. Sila ay hindi nakakawala sa mga responsibilidad nila sa kanilang pamilya. Gaano man kataas ang hinahawakan nilang katungkulan sa kanilang pinapasukan, inaasahan pa ring gagampanan nila ang kanilang tradisyonal na tungkulin bilang asawa at ina. Kaya nga masasabing ang mga asawang babae ay may dalawang trabaho: trabahong may bayad at gawain sa bahay na walang bayad.

Ayon pa rin kay Azis [8], malaki rin ang suliranin ng mga kababaihan sa kanilang pinapasukan. Sila ay laging nakikitunggali sa mga kalalakhian hindi lamang sa uri ng kanilang gawain kundi maging sa posisyon. Sila ay laging talunan sa mga kalalakhian. Bukod sa diskriminasyong ito na kinakaharap ng mga kababaihan sa kanilang trabaho, sila ay biktima rin ng pang-aabuso lalong-lalo na sa pang-aabusong seksuwal.

Sa Korea, ang kapakanan ng mga kababaihan ay nakapaloob sa kanilang konstitusyon na matatagpuan sa *Sexual Equality Amendment Act* na naging batas noong Disyembre 4, 1987 sa layuning mapabuti ang kalagayan ng mga nagtatrabahong kababaihan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanila ng proteksiyon sa panganganak, pagpapabuti sa kakayahang bokasyonal ng mga nagtatrabahong kababaihan, at pantay na pagkakataon at pagtrato ng kalalakihan at kababaihan sa anumang uri ng hanapbuhay. Ang isa pang batas na nag-iingat sa kapakanan ng mga kababaihan ay ang *Gender Discrimination Prevention and Relief Act* na ipinasa naman noong Pebrero 28, 1999. Layunin ng batas na ito na patigilin ang diskriminasyon sa kasarian kasama na ang pang-aabusong seksuwal, diskriminasyon sa trabaho, sa edukasyon, sa pasilidad at serbisyo, at sa pagpapatupad ng mga batas at polisiya [9].

Sa Pilipinas, ang imahen ng mga kababaihan na inilalarawan sa mga akdang pangkasaysayan na isinulat ng mga historyador ay hindi gaanong nabibigyan ng halaga lalo na sa mga usaping panlipunan. Ito'y sa dahilang ang mga sumulat nito ay mga lalaki at tinitingnan nila ang kasaysayan ayon sa paningin ng lalaki [10]. Gayunpaman, ang kasaysayan at mga karanasan ng mga kababaihan sa ating bansa ay maaaring masinag mula sa mga akdang pinagsikapang sulatin ng mga historyador at mga manunulat ng mga akdang pampanitikan.

Upang labanan ang diskriminasyon at pananamantala sa mga kababaihan, itinatag ang iba't ibang samahan gaya ng GABRIELA (General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Liberty and Action) upang tuligsain ang mga isyu sa paggawa, edukasyon, kalusugan, karapatang reprodutibo, at opresyon ng mga babae na nakakaapekto nang malaki sa kanilang kalagayan sa lipunan. Tinutulan din nila ang patriyarkal na lipunan, ang kahirapan at ang diskriminasyon ng seks [11].

Ayon sa pananaw ng mga feminista, ang diskriminasyon ng seks at ang lipunang patriyarkal ang pangunahing dahilan ng opresyong nagpapahina sa pagkatao ng babae, ang opresyong sosyal, kultural at ekonomikal [12]. Ang opresyong sosyal ay nakakaapekto sa kalagayan ng babae sa lipunan. Ang mga ito ang nagiging sagabal sa malaya nilang pakikisalamuha sa lipunan. Isa sa mga katangiang bayolohikal ng babae ay may kaugnayan sa kaniyang pagdadalantao, panganganak at pag-aaruga ng mga anak. Ang pagiging ina ay itinuturing ng mga feminista

na isang uri ng opresyon sa mga kababaihan [13]. Ang sabi naman ni Rich:

The experience of maternity had been channelled to serve male interests, under male central of reproduction. The privatization of mothers in the home rendered them politically powerless in patriarchal society [14].

Mauugat naman ang opresyong kultural na nararanasan ng mga kababaihan sa mga tradisyon at kaugaliang kanilang kinamulatan [15] tulad ng panghihimasok ng mga magulang sa mapapangasawa ng anak na babae, pagiging simbolo ng kalinisan at karangalan ng babae, paniniwalang ang babae kapag nag-asawa ay sadyang para sa tahanan upang asikasuhin ang kaniyang asawa at mga anak at gampanan ang mga gawaing bahay at iba pa. Ang mga babae, kung gayon, ay mahigpit na nakatali pa rin sa mga tradisyon at kaugaliang minana pa nila sa kanilang mga ninuno. Gayundin, alipin din sila ng mga doktrinang pinaiiral ng relihiyon. Ang paglabag sa mga ito ay nangangahulugan ng pagtatakwil nila sa lipunang kanilang kinabibilangan.

Maiugnay naman ang opresyong ekonomikal sa sitwasyon ng mga kababaihan sa mga pagawaan. Ang mga gawaing ibinibigay sa mga kababaihan ay hindi maihihiwalay sa kanilang pangkalahatang subordinasyon sa mga kalalakihan [16]. Ang mga trabaho ng mga babae ay hindi makatuwiran kung sahod at kondisyon ang pag-uusapan. Kakaunting trabaho lamang ang naibibigay sa kanila at kulang ang pagkakataong ipinagkakaloob sa kanila upang makapagsanay sapagkat ang kanilang responsibilidad ay higit na nakapokus sa mga trabahong domestik.

Batay sa pananaliksik, pakikipanayam at obserbasyon ng mananaliksik sa mga kababaihang kakilala, katrabaho, kaibigan at kapamilya, maraming kababaihan ang nakakaranas ng kaapihan at diskriminasyon hindi lamang sa mga nababasa o napapanood nangyayari ang mga opresyon sa mga kababaihan kundi sa totoong buhay. Hindi lamang sa mga akdang Filipino maaaring masinag ang iba't ibang kalagayan ng mga kababaihang Filipino kundi maging sa iba pang akdang panrehiyon tulad ng mga akdang Ilokano.

Bunga ng mga nabanggit na kalagayan ng mga kababaihan sa lipunan at sa mga paglalarawan sa mga akdang pampanitikan, minarapat ng mananaliksik na suriin ang kalagayan ng mga kababaihan na inilalarawan sa mga maikling kuwentong Ilokano, at

kung ang mga nasuring paglalarawan sa mga babae ay mapagtibay sa kalagayan nila sa tunay na buhay. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik upang suriin at tuklasin ang opresyong nararanasan ng mga kababaihan na inilantad ng mga manunulat na Ilokano sa kanilang mga maikling kuwento. At patotohanan ang mga natuklasang kalagayan sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga kababaihang nakaranas nito.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na 1) matukoy at masuri ang opresyong sosyal, kultural at ekonomikal na kalagayan ng mga kababaihang nakapaloob sa mga piling maikling kuwentong Ilokano, at 2) mapagtibay ang mga natuklasang opresyon sa pamamagitan ng pakikipanayam, at obserbasyon sa mga kontemporaryong kababaihan.

PAMAMARAANG GINAMIT

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pamaraang deskriptib upang suriin at ilarawan ang sosyal, kultural at ekonomikal na kalagayan ng mga kababaihang nakapaloob sa mga maikling kuwentong Ilokano.

Tatlumpung maikling kuwentong nailathala sa magasin ng mga Ilokano na *Bannawag* mula 1995 – 2016, ang sinuri at pinag-aralan. Ang mga akdang nailathala ay pawang isinulat ng mga manunulat na Ilokano. Isa-isang binasa ang mga kuwentong lumabas sa bawat isyu ng *Bannawag* upang makakuha nang sapat na datos para sa pag-aaral. Mula sa kabuoang bilang na walumpung maikling kuwento, napili lamang ang tatlumpu na kasisinagan ng iba't ibang kalagayan ng mga kababaihan sa loob ng tahanan, sa trabaho at sa uri ng lipunang kinabibilangan. Habang binabasa ang bawat kuwento, isa-isang minarkahan ang kalagayan ng mga tauhang babae na inilarawan sa kuwento na nakaranas ng opresyon at itinala ang mga posibleng ugat o sanhi ng opresyon. Pinangkat sa tatlong kalagayan ang opresyong nararanasan ng mga kababaihan tulad ng sosyal, kultural at ekonomikal.

Matapos naisagawa ang pansariling pagsusuri, ipinaealweyt ito sa mga guro ng panitikan sa iba't ibang unibersidad ng Ilocos Norte upang mapagtibay at mabigyan ng reaksiyon ang ginawang pagsusuri. Malayang isinulat ng mga ebalweytor ang kanilang mga puna at mungkahi tungkol sa pagsusuring ginawa ng mananaliksik. Pinatotohanan ng mga ebalweytor na ang lumabas sa mga pagsusuri sa kalagayang sosyal, kultural at ekonomikal ay ugat ng opresyong nararanasan ng mga kababaihan.

Sa pagpili ng mga babaing kinapanayam, ginamit ang *snowball technique*. Sinikap munang magtanong-tanong sa mga kakilala, kaibigan at kamag-anak kung may mga kakilala sila na nakaranas o naging biktima ng iba't ibang opresyon. Lahat ng mga pangalang ibinigay nila ay itinala at isa-isang hinanap at nilapitan ang mga ito.

Bukod dito, ginamit ding instrumento ang *interview schedule instrument* (IS) upang makapanayam ang mga kababaihang nakaranas ng iba't ibang opresyon sa loob ng tahanan, sa trabaho, at sa lipunan. Ginamit itong instrumento upang mapagtibay ang mga lumabas na resulta sa ginawang pagsusuri sa mga maikling kuwento.

Sa bahaging tanong-sagot, ginamit ang open-ended questions upang malayang makapagbigay ng mga impormasyon ang mga respondent. Inirekord ang daloy ng panayam upang makakuha nang sapat na datos nang may pahintulot ang mga nakapanayam.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Lumabas sa resulta ng pagsusuri na ang mga piling maikling kuwentong Ilokano na nalimbag sa *Bannawag* mula sa taong 1995-2016 ay naglalarawan sa kalagayan ng mga kababaihan na nagreresulta ng mga opresyong sosyal, kultural at ekonomikal.

Kalagayang Sosyal

Isa sa madalas na uri ng opresyong nasinag mula sa mga maikling kuwentong Ilokano na sinunri sa pag-aaral na ito ay ang sosyal na kalagayan ng mga kababaihan. Ang mga kalagayang bayolohikal, emosyonal at sikolohikal ay maituturing na ugat ng pagdaranas ng babae ng ganitong uri ng kalagayan.

Ang kalagayang bayolohikal na ipinakilala ng mga may-akda ng mga kuwento ay naglalarawan sa labis na paghihirap ng isang ina sa pag-aalaga ng mga anak na nagiging sanhi ng pagiging bugnutin. Inilarawan dito ang pagganap ng tungkulin bilang ina ng kaniyang mga anak, isang ina na nakagapos sa kaniyang tungkuling kargahin at ipaghele ang kaniyang mga anak kahit pagod at hirap na ang kaniyang katawan, kaya nagiging mayamutin dahil sa wala na siyang panahong magpahinga. Nawawalan ng panahon para sa kaniyang pansariling pag-unlad sa kaniyang propesyon dahil sa kaniyang pagiging ina ay inuuna niya ang kapakanan ng kaniyang mga anak at nagiging pangalawang prayoridad na lamang ang sariling ambisyon. Ang sitwasyon sa buhay ng mga babae sa mga kuwento ay isang pagpapatibay sa pananaw ni Freud [17] na ang degradasyong nararamdaman ng mga kababaihan ay

bunga na rin ng kahinaan ng kanilang pag-iisip. Pinababayaan nilang maabuso ang kanilang karapatan na magkaroon din sana ng mas maalwang kalagayan sa loob ng kanilang tahanan sapagkat pinababayaan nilang ganoon nga ang mangyari sa kanilang buhay. Pinatutunayan din ng mga may-akda ng kuwento ang panganganak ay bayolohikal na aspekto ng isang babae na malakas na humahatak sa kaniya sa kalagayang sosyal. Tunay nga na ang pagiging ina ng tahanan ay may mabigat na tungkulin sa kaniyang pamilya upang ito ay mapanatiling buo. Mula sa pagpapalano ng pagkain, pamamalengke, pagluluto, paglilinis, paglalaba, pag-aalaga sa mga anak hanggang sa pag-aasikaso sa mga pangangailangan ng kaniyang asawa. Ganito ang tungkulin niya araw-araw, bumagyo man o umaraw. Ang mga tungkuling binanggit ay nagmula pa sa Banal na Kasulatan at sa pagpapatibay ng artikulo mula sa Ministry Resources ng journey online:

“to be self-controlled and pure, to be busy at home, to be kind, and to be subject to their husbands, so that no one will malign the word of God [18].” A woman’s first responsibility is to her family, caring for them and making the home a happy home. This is not a small task, but it is a God-given task, and God will help and strengthen the woman who purposes to be the best possible wife and mother. [19].

Lumabas din na isa pang ugat ng opresyong sosyal na naglalarawan sa kalagayan ng mga babae ang pangangaliwa o pagkahilig sa ibang babae ng kanilang mga asawa. Ang pagtataksil ay pagsisimula ng kalagayang emosyonal na maaaring humantong ng krisis sa buhay mag-asawa. Ang pagkatakot na nararamdaman ng babae sa posibleng pag-iwan ng asawa na umaayon sa tinatawag na *empty nest syndrome* [20] na pangungulilang nararamdaman ng babae sa kaniyang pag-iisa. Ang pang-aabusong pisikal ay lumabas din sa mga akdang sinuri na sa sobrang takot ng babae ay hindi na lamang siya umiimik at kapag hindi nakayanan ang pang-aabusong pisikal ay tumatakbo na lamang siya sa bahay ng kaniyang mga magulang. Ang pagiging martir na asawa, matiisin at mapagpakumbaba ay bahagi ng kalagayang sosyal ng mga kababaihan naninindigan at nagpapahalaga sa relasyong mag-asawa at ng buong pamilya.

Kalagayang Kultural

Ang kultural na kalagayan ng kababaihan ay mauugat sa mga tradisyon at mga kaugaliang Filipino

na patuloy na sinusunod na nagsisilbing tanikalang gumagapos sa mga kababaihan. Mauugat din ang opresyong kultural sa mahigpit na pagsunod sa mga batas ng relihiyon na nagiging dahilan din ng pagkakagapos sa pagkakaalipin ng mga kababaihan. Bukod dito, maiuugnay din ang kalagayang kultural ng mga kababaihan sa diwang kolonyalismo at eksploytasyon [21].

Ang kalagayang kultural na nasinag sa mga maikling kuwento ay ang panghihimasok ng mga magulang sa usaping pag-ibig ng mga anak, ang pagpipilit na ipakasal sa lalaking hindi naman itinitibok ng kanilang mga puso. Itinuturing na bahagi ng kaugaliang Filipino ang pagsunod sa mga magulang kahit labag sa kalooban ng mga anak. Ang pagpili ng mapapangasawa ng mga anak ay palatandaan na nais pangalagaan ang magandang kinabukasan ng mga anak lalo na kung maalwan sa buhay ang lalaki. Ang pagtanaw ng utang na loob sa taong pinagkakautangan ay bahagi ng kinamulang kaugalian lalo na sa mga Ilokano. Maituturing na walang utang na loob ang isang taong hindi marunong kumilala sa pabor na kaniyang tinanggap mula sa iba. Mahirap buwagin ang kinamulang tradisyon maging ito pa ay nagsisilbing tanikalang gumagapos sa kalayaan ng mga kababaihan. Ang paglabag sa mga tradisyong ito ay nangangahulugan ding paglabag sa kagandahang asal. Kaugnay ng pagtanaw ng utang na loob, ganito ang pahayag ni Hollnsteiner:

Any service received must be reciprocated in the spirit of thankfulness, even though that service had been given under official capacity. The Filipino is said to carry a debt within himself after receiving the favor. In short, it is his awareness of gratitude which cannot be given a quantified value and therefore can never be fully recompensated except by personal return of goodwill and loving personal gratitude [22].

Ang pagsunod sa desisyon ng asawang lalaki ang isa pang lumabas sa resulta ng pagsusuri. Dahil sa kaugaliang Ilokano na dapat sumunod sa desisyon ng kaniyang asawa kahit labag pa ito sa kaniyang kalooban. At dahil sa hinihingi ng kagandahang-asal at kaugaliang Filipino, kinakailangang sumuko ang babae. Kinakailangang sumunod siya sa gusto ng asawa dahil ang pagsuway ng babae sa kagustuhan ng asawa ay paglabag sa kaugalian kaya’t hindi magiging maganda ang kaniyang imahen sa mata ng ibang tao. Bukod dito, lalabagin din ng babae ang batas ng Diyos

kung saan ipinag-uutos Niya na ang asawang babae ay dapat na magpasakop sa kaniyang asawa. Ang sabi nga sa Ephesians 5:22-24:

Wives, submit to your husbands as to the Lord. For the husband is the head of the wife as Christ is the head of the church' his body, of which he is the Savior. Now as the church submits to Christ, so also wives should submit to their husbands in everything [23].

Ang eksploytasyon ay isa ring kalagayang kultural ng mga kababaihang nararanasan nila na malinaw na inilalarawan sa mga kuwento. Ang mga babae ay napipilitang magtrabaho kahit pa ito ay mababang uri dahil sa kahirapan at sa paghahangad nila ng materyal na kasaganaan. Ang pagpasok na katulong sa mga taong pinagkakautangan ay bahagi ng pagsasakripisyo para sa pamilya [24].

Kalagayang Ekonomikal

Ang kalagayang ekonomikal ay maiuugnay sa mga pang-aabusong nararanasan ng mga kababaihan sa pagawaan na nagpapababa sa kanilang pagkatao at nagpapahirap sa kanilang kalooban.

Nakitaan sa mga sinuring maikling kuwento ang mga sumusunod: pangigibang bansa sa pag-aakalang kikita ng malaking salapi ngunit sa kasamaang palad ay hindi naging maganda ang kapalaran doon dahil sa nakatagpo ng isang amo na may masamang ugali; pang-aabusong seksuwal at emosyonal; diskriminasyon sa trabaho; at panlalamang ng mga lalaki sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang posisyon para takutin ang mga empleyadang babae.

Bagama't lantaran ang pang-aabuso sa mga kababaihan sa kanilang mga trabaho, lumilitaw na para silang basang-sisiw na hindi makalipad sa kanilang kinasadlakan. Ang diskriminasyon sa kasarian sa mga pagawaan - na ang babae ay mas mahinang kasarian; na ang babae ay hindi dapat mangibabaw sa lalaki. Ang kalagayang ito ay pinagtibay ng pag-aal na isinagawa ni Gardeman:

...Gender stereotypes hold women back in the workplace. They can even cause women to question their own abilities. They lack confidence in their ability to compete in fields that men are stereotypically believed to perform more strongly in, such as science, math, & technology [25].

Pagpapatibay at Pahayag ng mga Kontemporaryong Kababaihan sa Kalagayang Nasinag sa mga Kuwentong Ilokano

Upang magkaroon ng matibay na mapanghahawakang resulta ng isinagawang pagsusuri, kinapanayam ang mga kababaihan na nakaranas at nakaobserba ng mga kalagayang sosyal, kultural at ekonomikal na nagiging sanhi ng naranasang opresyon.

Ang kalagayang sosyal na nakita sa mga maikling kuwento ay hindi nalalayo at walang ipinagkaiba sa mga sinabi ng mga kababaihan. Ang mga nakapaloob sa mga nasuring akda ay kinabibilangan ng mga sumusunod: 1) pagkakatali ng asawang babae sa mga gawaing bahay tulad ng paglalaba, pagluluto, paglilinis, pag-aalaga ng mga anak at pag-aasikaso sa asawa na nagiging sanhi ng kaniyang pagiging bugnutin, mainitin ng ulo, at reklamador; 2) pagkatakot ng asawang babae na magkaanak dahil hindi pa siya handa na maging ina; 3) opresyong emosyonal dahil sa pangangaliwa ng asawa; 4) at pisikal na pang-aabuso. Kaugnay ng pagkakatali ng mga babae sa mga gawaing bahay ay nagdudulot sa kanila nang labis na kapaguran na nagiging sanhi ng madalas nilang pagiging bugnutin, halos nagkakaisa ang mga nainterbyung kababaihan na sila ay nakararanas ng ganoon. Ito ang tugon ng mga kababaihang nakapanayam: 1) nakatali sa mga gawaing bahay; tanging ginagawa nila sa loob ng tahanan ay magluto, maglinis, maglaba, maghanda ng mga gamit ng asawa at baon ng mga anak, at mag-alaga sa kanilang mga anak; 2) nalulungkot at naiinip sila sa loob ng bahay; 3) laging pagod dahil sa dami ng mga gawaing bahay na kanilang ginagampanan; 4) nakakaramdam ng panlilit sa sarili at nahihiyang makihalubilo sa mga taong may pinag-aralan; 5) nakakaramdam ng saya kahit pagod ang kaniyang katawan dahil napagsisilbihan niya ang kaniyang pamilya; 6) dapat tumulong din ang asawang lalaki sa gawaing-bahay lalong-lalo na kung wala silang ginagawa; 7) nag-aaway silang mag-asawa dahil sa pangungulit ng babae na tulungan siya sa mga gawain niya sa bahay.

Ang pagkatakot ng babae sa panganganak ay bunsod pa rin ng opresyong sosyal na bumabagabag sa mga kababaihan. Ito ang nagkakaisang tugon ng mga nakapanayam na babae: 1) ayaw nilang magkasunod-sunod ang kanilang mga anak dahil hindi nila maasikaso ang mga ito kung dadami ang mga anak nila; 2) palihim na umiinom ng pildoras para hindi mabuntis; 3) dahil sa sobrang hirap sa buhay; at 4) dahil sa taglay na karamdaman. Ang pangangaliwa ng asawang lalaki ay labis na nakaapekto sa kalagayan ng mga babae.

Ayon sa kanila, nasasaktan sila nang labis dahil sa pagkahumaling ng kanilang mga asawa sa ibang babae at lalo pa silang nasaktan nang matigas na itinanggi ng mga ito sa ginawa nilang kasalanan kahit mismong nasaksihan nila ang pangangaliwa ng mga ito. Dagdag pa nila na totoong nagloko ang mga asawang lalaki at halos hindi nila kayang tanggapin ang pangyayaring ito. Sinabi nilang hindi nila akalaing magagawa nila na ipagpalit sila sa iba sa kabila ng maraming sakripisyong ginagawa nila para sa kanilang pamilya. Ang pisikal na pang-aabuso ay kinumpirma ng mga kababaihang nakapanayam. Iba-iba ang dahilan ng pisikal na pang-aabuso na kanilang naranasan sa kamay ng kanilang mga asawa. Ito ang tugon nila: 1) kapag lasing o natalo sa sugal; 2) nagseselos nang walang dahilan; 3) kawalan ng trabaho ng asawang lalaki; at 4) sa maliliit na bagay na hindi nagustuhan. Ayon sa kanila, hindi nila kayang hiwalayan ang mga asawang lalaki dahil sa aspektong pinansiyal at dahil sa kanilang mga anak.

Ang kalagayang kultural na naranasan ng mga babae sa maikling kuwento gaya ng: 1) kawalang kalayaan ng mga anak na pumili ng lalaking gustong mapangasawa dahil sa pakikialam ng kanilang mga magulang; 2) paninilbihan ng anak na babae bilang katulong sa mga taong pinagkautangan ng kaniyang mga magulang; at 3) pagbebenta ng katawan para may maipantustos sa pangangailangang pinansiyal ng mga magulang. Ang tugon ng mga kababaihang nakapanayam dito ay: 1) masakit para sa kanila ang karanasang hindi piliin ang lalakeng iibigin at pakakasalan pero wala silang magagawa kundi ang sundin ang kanilang mga magulang; at 2) ang pagpili ng mga magulang ng mapapangasawa nila ay makapagbibigay sa kanila ng mas magandang kinabukasan at tanging kapakanan lamang daw nila ang inisip ng kanilang mga magulang. Hati ang sagot ng mga nakapanayam na kababaihan hinggil sa paninilbihan sa mga taong pinagkautangan ng kanilang mga magulang. Anila, hindi sila sumasang-ayon na manilbihan bilang katulong upang makabayad ng utang, bagkus nanaisin pa nilang maghanap ng ibang trabaho para mabayaran ang kanilang utang. Sabi naman ng iba, tanggapin ang kapalarang maging katulong para makabayad sila ng utang.

May mga kababaihan ding nakapanayam na pumasok bilang mga babaeng nagbebenta ng katawan. Ang mga edad nila ay labinlima hanggang dalawampung lima. Pinasok ng mananaliksik ang lugar na pinagtatrabahuan ng mga ito, inobserba ang kalakaran sa loob at kinapanayam ang mga babae roon. Nagmula sila sa iba't ibang bayan at probinsiya sa

bansa. Ang mga sagot nila kung bakit pinasok ang ganoong klaseng trabaho: 1) biktima ng masamang sirkumstansiya sa buhay; 2) ang kinikita ay pinapantustos sa kaniyang pag-aaral; 3) pangangailangan ng sariling anak; 4) sa hirap ng buhay; 5) panloloko ng kapuwa babae; at 6) walang ibang alam na uri ng trabaho.

Ang kalagayang ekonomikal na inilarawan sa maikling kuwento ay ipinakilala ito sa : 1) pang-aabusong seksuwal, pisikal at emosyonal ng mga among dayuhan sa mga OFW; at 2) pang-aabusong seksuwal at emosyonal ng mga pinuno sa mga empleyadong kababaihan at kapuwa trabahador. Sa sagot ng mga nakapanayam na nagtrabaho sa ibang bansa, sila ay minolestiya, minura at sinaktan ng kanilang mga amo. Bukod dito, sila ay pinagselosan ng kanilang mga among babae kahit walang katotohanan o pinagbintangan ng kung ano-anong kasalananang hindi naman nila ginagawa. Agad na kinuha ang kanilang mga passport para hindi raw nila maisip na umuwi sa bansa. Ang pang-abusong seksuwal at emosyonal ay naranasan din nila sa kanilang trabaho gaya ng pananakot na matanggal sa trabaho kung hindi sila susunod sa kanilang gusto, pagbintang ng kasalananang hindi naman ginawa upang mapilitang magbitiw sa trabaho, pagreregalo ng mga boss nila sa trabaho at pagbibigay ng promosyon kapalit ng hiningi nilang pabor.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mula sa mga sinuring maikling kuwentong Ilokano at sa resulta ng pakikipanayam sa mga kababaihang nakaranas ng opresyon na inilarawan sa kanilang kalagayang sosyal, kultural at ekonomikal, lumabas na ang mga karanasan ng mga kababaihang inilarawan ay hindi lamang bunga ng malawak at malikhaing pag-iisip ng mga manunulat na Ilokano kundi naglalarawan ito sa tunay na nangyayari sa mga kababaihan sa kasalukuyan. Ang pagkakatali sa pagiging maybahay, pagkatakot sa panganganak, pang-aabusong pisikal, seksuwal at emosyonal bunga nga pangangaliwa ng mga asawang lalaki, pagsunod sa kagustuhan ng mga magulang kahit labag sa kagustuhan, pagpasok bilang katulong, pagtanaw ng utang na loob, sapilitang pagbebenta ng katawan, diskriminasyon sa trabaho at pananakit ng kanilang mga amo ay bunga ng kanilang kahinaang pisikal at emosyonal, pagsunod sa nakagisnang kaugalian at kawalan ng lakas ng loob na lumaban dahil natatakot na mawalan ng seguridad sa buhay at proteksiyon mula sa pamilya. Ang mga pangyayaring ito ay nagdulot ng opresyon sa mga kababaihan na nagresulta ng pagkawala ng kumpiyansa at tiwala sa sarili.

Mula sa resulta ng pag-aaral, kailangang pag-ibayuhin pa ang pagsasagawa ng kahalintulad nitong pag-aaral mula sa iba't ibang rehiyon sa bansa upang matiyak ang lawak ng mga opresyong nararanasan ng mga kababaihan upang magsilbing basehan sa mas mahigpit na pagpapatupad ng mga batas na magpoprotekta sa karapatan ng mga kababaihan. Maglaan ng mas maraming programang pangkababaihan na mag-aangat sa kanilang sariling kakayahan. Magpatupad ng mga karagdagang batas para sa seguridad at proteksiyon ng mga kababaihan sa trabaho, laban sa pang-aabusong pisikal at seksuwal, at sa diskriminasyon.

TALASANGGUNIAN

- [1] Genesis 2: 21-23 New International Version, <https://www.biblegateway.com/passage/?search=Genesis+2&version=NIV>, date retrieved: September 18, 2018
- [2] Genesis 3:16 New International Version <https://www.biblegateway.com/passage/?search=Genesis+3%3A16&version=NIV>, date retrieved: September 18, 2018
- [3] Villafuerte, P. (2000). Panunuring Pampanitikan: Teorya at Pagsasanay, Mutya Publishing House, pp. 25-26.
- [4] Ware, S. (1989). Modern American Women: A Documentary History. U.S.A.R.R Donnelley and Sans Company.
- [5] Fabros, M. (2014, June 23). Feministang Kritisismo: Ang Teoretikal ay Personal, <http://panitikan.ph/2014/06/23/feministang-kritisismo-ang-teoretikal-ay-personal/>, date retrieved: December 23, 2020
- [6] Gerard, K. Redefining Women's Empowerment in South-East Asia, <https://asiasociety.org/australia/redefining-womens-empowerment-south-east-asia>, date retrieved: October 18, 2018
- [7] Aziz, R. (2000). Women and the Formal Sector in Malaysia: Changing Roles and Issues. Journal of Asian-Pacific Studies, 7 (pp.13-14)
- [8] Aziz, R. (2000). Women and the Formal Sector in Malaysia: Changing Roles and Issues. Journal of Asian-Pacific Studies, 7 (pp.13-16)
- [9] Pak, U. (2000). Women in the Korean Labor Market After the Asian Financial Crisis. A Report with a Focus on Legal Protection. Journal of Asian Pacific Studies, 7 (pp. 21-24)
- [10] Fabros, M. (2014, June 23). Feministang Kritisismo: Ang Teoretikal ay Personal, <http://panitikan.ph/2014/06/23/feministang-kritisismo-ang-teoretikal-ay-personal/>, date retrieved: December 23, 2020
- [11] International Forum: Here is the history of Gabriela, (2018, November 18) <https://www.internationalforum.dk/nyheder/here-history-gabriela>, date retrieved: December 23, 2020
- [12] Cole, M. (2018). Education, Equality & Human Rights: Issues of Gender, 'Race', Sexuality, Disability and Social Class, Fourth edition, CPI Group (UK) Ltd, Craydon, CRO, pp. 12-25
- [13] Driver, N. (2018). Gender Studies: Theories, Issues and Concerns, Wilford Press, pp. 110-111.
- [14] Rich, A. (1980). Of Women Born: Motherhood as Experience and Institution. London: Virago.
- [15] Palmer, N. (2018). Cultural Studies: Theory & Practice, Wilford Press, pp. 1-12.
- [16] Driver, N. (2018). Gender Studies: Theories, Issues and Concerns, Wilford Press, pp. 110
- [17] Freud, S. Freudian Psychoanalytic Theory of Personality, <https://courses.lumenlearning.com/boundless-psychology/chapter/psychodynamic-perspectives-on-personality/>, date retrieved: December 23, 2020
- [18] Titus 2:5 New International Version <https://biblehub.com/niv/titus/2.htm>, date retrieved: December 24, 2020
- [19] Duties of a Wife: By Being a Good Homemaker, <https://journeyonline.org/lessons/marriage-and-the-home-duties-of-a-wife/?series=13723>, date retrieved: December 24, 2020
- [20] Raup, J. & Myers, J. (1989). The Empty Nest Syndrome: Myth or Reality, http://libres.uncg.edu/ir/uncg/f/J_Myers_Empty_1989.pdf, date retrieved: December 24, 2020
- [21] Romuladez, N. (2014). Filipino Life and Culture and Other Essays (Buhay at Kulturang Filipino at iba pang mga Sanaysay). Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, Aklat ng Bayan.
- [22] Hollnsteiner, M. (1961). Reciprocity in the Lowland Philippines, date retrieved: December 26, 2020
- [23] Ephesians 5: 22-24, New International Version <https://www.biblegateway.com/passage/?search=Ephesians+5%3A22-24&version=NIV>, date retrieved: November 15, 2019.
- [24] Evangelista, M. (2016). Sinamar 9. Bulacan: St. Andrew Publishing House.
- [25] Gardeman, D. (2019, February 25). How Gender Stereotypes Kill a Woman's Self Confidence, <https://hbs.me/3sOgTjV>, date retrieved: December 26, 2020

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).